# "Malakas na Kapangyarihan ang mga Programa ng GCN"

Nakapagdala ang GCN (Global Christian Network) ng hindi mabilang na mga kaluluwa sa daan ng kaligtasan. Dahil ito sa pagpaparanas sa kanila ng makapangyarihang mga gawa ng Diyos at pagpapakita kung paano tatanggap ng mga sagot at biyaya. Sarisari ang nilalaman ng mga programa ng GCN. Mayroong ebanghelyo ng kabanalan, mga patotoo ng mga mananampalataya na nakaranas ng kapangyarihan ng Diyos. Mayroon ding mataas na klaseng pang-kulturang pagtatanghal na pang-Cristiano. Isinasahimpapawid ang mga programa sa isang daan at pitumpu't anim na bansa sa pamamagitan ng satellite, cable, at Internet. Umaapaw ang mga sulat mula sa ibang bansa ng mga tumanggap ng pagpapagaling at mga sagot. Narito ang ilan sa kanila:

## Naghahatid ng Tunay na Buhay sa mga Tao ang Pagsasahimpapawid ng GCN TV



Bishop Igor Nikitin, Pangulo ng TBN Russia, Russia

Maganda ang pagtanggap ng hindi mabilang na mga manonood sa mga programa ng GCN na ipinapalabas sa TBN Russia. Ipinapahayag nilang nagkakaroon sila ng napakahahalagang karanasan habang pinapanood ang mga ito. Malinaw na sinasabi ni Dr. Jaerock Lee na dapat maging banal at dalisay tayo, at itinuturo niya kung paano tayo mamumuhay sa harap ng Diyos.

Nakakatanggap kami ng mga patotoo mula sa mga manonood araw-araw. Kasama na dito ang patotoo ng isang taong may kanser na malapit nang mamatay. Narinig niya ang mga mensahe ni Dr. Lee sa TBN Russia. Hiniling niya na ipanalangin ang karamdaman niya. Lubos siyang gumaling pagkatapos siyang ipanalangin ni Dr. Lee. Mayroong humigit-kumulang na tatlumpung libong mga hiling na panalangin na ipinapadala sa amin araw-araw. Mula ito sa buong mundo kasama na ang Germany, Ukraine, Estados Unidos, Russia, Mongolia, Israel, Kazakhstan, at Uzbekistan.

## Umaapaw ang mga Kasagutan at mga Biyaya sa GCN TV



Rev. Abraham Vincent, Pangulo ng Arul Vaakku GCN TV, India

Ako ang nagpapatakbo ng Arul Vaakku GCN TV sa Pondicherry, India. Ipinapangaral dito ni Pastor Joseph Han ng Chennai Manmin Church sa India ang mensahe at nagbibigay ng payo sa mga manonood tungkol sa pananampalataya. Nagaganap ito sa loob ng dalawang oras bawat buwan. Isang araw, tumawag sa kanya ang pamilya ng babaing si Jemima, para sabihing nagdurusa ito dahil sa masamang espiritu. Nanalangin si Pastor Han sa telepono gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Lumayas agad ang masamang espiritu. Napalaya din ang ibang tao mula sa iba't ibang mga problema tulad ng masasamang espiritu, kanser, mga sakit sa baga, at mga sakit sa tiyan. Ang iba naman ay biniyayaang magbuntis.

[Panayam sa mga Manonood ng TBN Russia]

## Naunawaan Ko ang Kalooban ng Diyos Dahil sa mga Libro ni Dr. Jaerock Lee

Kapatid na Valentine Golabinah, Portland, Oregon, U.S.A.



Marami na akong nabasang libro na isinulat ng mga kilalang pastor sa buong mundo, subalit wala sa kanila ang pumawi ng espirituwal na pagkauhaw ko. Dalawang taon na ang nakakaraan, nang napakinggan ko ang mensahe ni Dr. Jaerock Lee sa TBN Russia. Nasiyahan ako dahil ang mga mensahe niya ang gusto kong marinig at matagal ko nang hinahanap. Pagkatapos, binasa ko na ang labing-anim na librong isinulat niya. Namukod-tangi ang *Spirit, Soul and Body* (Espiritu, Kaluluwa at Katawan) na nagpaintindi sa akin kung ano ako. Napagtanto ko ang tunay na kahulugan ng 'espiritu', 'katawan', 'kaluluwa', 'laman', at 'mga gawa ng laman'. Nagkaroon ako ng tiwala na maaari akong mapabanal. Naging malinaw sa akin ang Sampung Utos kaya nakakaya ko nang sumunod sa mga ito.

## Napagaling Ako ng Panalangin ni Dr. Jaerock Lee

Pastor Stew Harrick, Gold Coast, Australia



Simula pa noong nakaraang taon, nakikinig na ako sa mga mensahe ni Dr. Lee sa TBN Russia. Nababagbag ako ng mga mensaheng buhay na buhay at ipinapaliwanag batay sa Biblia. Binibigyang-diin ng mga ito ang pagpapabanal ng mga Cristiano at tumutulong na tularan ang Panginoon. Kahanga-hanga ito para sa akin. Nabagbag din ang damdamin ko nang ipanalangin ni Dr. Lee nang buong puso at pagmamahal ang mga may sakit. Ang lahat ng mga patotoo ay nakakapukaw ng damdamin at bago sa pandinig ko. Nagkaroon din ako ng pananampalataya at gumaling ang diabetes at impeksyon ko sa bato pagkatapos na ipanalangin ni Dr. Lee.

[Panayam sa Manonood ng GCN TV]

## Sa Wakas Nahanap Ko Na Ang Tunay Kong Pastol na Namumuhay at Nagtuturo ng Katotohanan

Bb. Jone Schramm, Cottonwood, Arizona, USA



Mula Mayo, 2010, nanonood na ako ng mga programa sa GCN sa pamamagitan ng Glory Star satellite TV. Habang naglilipat ako ng istasyon, nakatawag ng pansin ko si Dr. Lee na nagpapahayag ng mensahe. Hindi pa ako nakakarinig ng mensaheng taos-puso, espirituwal, at nakakalugod tulad ng sa kanya. Ang mga brodkaster na makamundo ay nagiging sanhi ng paglayo ng mga tao sa Diyos dahil ang mga programa nila ay mahalay. Subalit ang mga programa ng GCN ay maganda at naiiba dahil ang mga mensahe ay puno ng buhay, papuri at inspirasyon.

Sa mga mensahe niya, binibigyang-diin ni Dr. Lee na ang mga Cristiano ay dapat mamuhay nang banal na buhay at kumilos ayon sa katotohanan. Hindi pa ako nakakakilala ng pastor na naglalantad ng mga kasalanan at nagbibigay ng halaga sa pagpapabanal. Iniisip ng ibang mga pastor na hindi magugustuhan ng mga tao na masabihan sila tungkol sa mga kasalanan nila kaya naghahatid sila ng mga mensaheng magugustuhan at kaaya-aya sa pandinig. Kahit na marami sa kanila ay dumadalo sa simbahan, binabalewala nila ang katotohanan at namumuhay sa kasalanan.

Gayon pa man, matindi ang pagtutol ni Dr. Jaerock Lee at tinutukoy niya ang mga kasalanang laban sa Biblia tulad ng kabaklaan at mga pagkakasalang may kinalaman sa sex. Tumanggap ako ng maraming pagpapala dahil siya ang tunay na pastol ko. Nabubuhay tayo sa panahong malamig na ang pagmamahalan at laganap na ang kasalanan at kasamaan sa mundo. Kaya dapat ihatid ng mga pastor ang mga mensaheng may inspirasyon mula sa Banal na Espiritu at katulad ni Dr. Lee ay mamuhay ayon sa mga itinuturo nila.





Maari Na Kayong Magkaroon ng 24 Oras na Programa ng GCN Sa Pamamagitan ng Internet at Cell Phone

Sa pamamagitan ng Internet (www.gcntv.org/www.gcntv.us) at cell phone (m.gcntv.org). Maaari na ninyong mapanood ang mga programa ng GCN (Global Christian Network) na punung-puno ng buhay at naglalaman ng mga sermon ni Dr. Lee, mga patotoo tungkol sa kapangyarihan ng Diyos, mataas na kalidad na kulturang pang-Cristiano.

● Mga Babala!

Una, iminumungkahi na gumamit ng WiFi para makapasok sa website.
Pangalawa, mataas ang singil kung papasok sa website gamit ang 3G.
Pangatlo, ang kalidad ay maaapektuhan depende sa dami ng gumagamit.


Tagalog

Balitang Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Balitang Manmin

NO. 50 NOBYEMBRE 20, 2011

# "Pinupuri Namin ang Panginoon at Nananalangin para sa Kapayapaan ng Mundo"

## "Ikalawang Pagpupulong sa Paggunita ng 2009 Krusada ng Pagkakaisa sa Israel sa pamumuno ni Dr. Jaerock Lee"



Noong Oktubre 13, idinaos ang Ikalawang Pagpupulong sa Paggunita ng 2009 Krusada ng Pagkakaisa sa Israel sa pamumuno ni Dr. Jaerock Lee sa International Convention Center sa Haifa, Israel. Ito ay pinangunahan ng Crystal Forum (samahan ng mga pastor na taga-Israel) kasama si Dr. Morris Cerullo bilang panauhing tagapagsalita.

Noong Setyembre 6 at 7, 2009, sa International Convention Center sa Jerusalem, ipinahayag ni Dr. Jaerock Lee sa pamamagitan ng napakalakas na kapangyarihan ng Banal na Espiritu na si Jesu-Cristo ang tunay na Tagapagligtas at Siya ang Mesyas. Humigit-kumulang sa dalawang daan at dalawampung mga bansa ang nagsahimpapawid ng krusadang ito. Ang pagpupulong ay itinaon sa Feast of Booths, isa sa tatlong pinakamahalagang pagdiriwang sa Israel. Naging panauhing tagapagsalita si Dr. Morris Cerullo, isang pastor na Amerikanong-Judio na matagumpay na nagmiministeryo sa Estados Unidos.

Nang makita ni Dr. Cerullo ang pagkakaisa ng mga pastor sa Crystal Forum, mabasa ang mga libro ni Dr. Jaerock Lee at mapanood ang mga DVD ng mga krusada sa ibang bansa, nagboluntaryo siyang maging tagapagsalita sa pagpupulong. Nakatawag ng pansin ng maraming tao ang pagdating niya. Ang kumperensya ay dinaluhan ng dalawang libo at limang daang tao. Hindi lang sila nagmula sa dalawampung lugar ng Israel kundi sa labindalawang bansa gaya ng U.S., Russia, Ethiopia, Finland, at Korea. Nagpuri ang mga dumalo sa pamamagitan ng mga awiting may inspirasyon ng Banal na Espiritu at nanalangin sila para sa kapayapaan ng mundo. Nagpasalamat si Dr. Morris Cerullo kay Dr. Lee na tumupad ng mga dakilang gawain sa Israel.

Noong araw ding iyon, idinaos ang Seminar para sa mga Pastor tungkol sa Ebanghelyo ng Kabanalan na pinangunahan ni Pastor Vladimir Osipov, pangulo ng United Church of Jesus Christ sa Russia. Mahigit-kumulang na isandaan at limampung pastor at mga lider ng iglesya ang dumalo. Malaki ang naging pagpapala nila kaya nagpasiyang magkaroon ng aktibong pakikibahagi sa Manmin Central Church. Tinalakay ni Pastor Vladimir Osipov ang pagbabagong nangyari sa buhay at ministeryo niya magmula nang makilala niya si Dr. Lee. Sinabi niya, "Si Dr. Jaerock Lee ang kahuli-hulihang espirituwal na lider na nagpapahalaga sa pagpapabanal sa katapusan ng panahon." Ang pulong ay naibalita sa mga pangunahing diyaryo sa Israel kasama na ang *The Jerusalem Post.*

## Bumisita ang Pangulo at mga Lider ng All Creation Ministries sa Manmin Central Church

Noong Oktubre 6, bumisita sa Manmin Central Church sina Rev. Gregorio Durante, pangulo ng All Creation Ministries, at ilang mga Pilipinong pastor sa grupong pang-misyon. Kasama dito sina Robert A. Neri, Celso M. San Jose, Manuel R. Buensuceso, at Mario G. Laurente. Tumagal ng pitong araw ang pagbisita nila. Nakipagpulong sila kay Dr. Jaerock Lee at tumanggap sila ng panalangin niya. Tinalakay din nila ang ministeryo ng pagsasahimpapawid ng GCN at ang ministeryo sa media at mga libro ng Urim Books sa Pilipinas.

Ang All Creation Ministries ay itinatag ng mga pastor mula sa iba't ibang denominasyon na gusting makipagtulungan sa Manmin Central Church pagkatapos ng Krusada ng Pagkakaisa sa Pilipinas noong 2001 sa pamumuno ni Dr. Jaerock Lee. Ipinakilala nila ang ministeryo ng Manmin sa mga Pilipino sa pamamagitan ng mga Seminar para sa mga Pastor at mga Pulong na may Panyong Nakakapagpagaling (Ang Mga Gawa 19:11-12). Naghahanap din sila ng mga epektibong paraan kung paano ituturo sa mga Pilipinong pastor ang ebanghelyo ng kabanalan.

Sinabi ni Rev. Gregorio Durante, "Hindi ko makakalimutan ang sandaling nakilala ko si Dr. Jaerock Lee noong 2001." Sinabi niya na hanggang ngayon maraming tao pa rin ang nakakaalala ng mga pagpapala at ng emosyong nadama nila sa krusada. Sa kasalukuyan, isinasahimpapawid ang mga programa ng GCN tungkol sa mga sermon ni Dr. Lee at ang makapangyarihang mga gawain sa mga lokal na istasyon ng cable TV, na hinahangaan ng mga tao doon.



# Langit

"At ipinakita sa akin ng anghel ang isang ilog ng tubig ng buhay, na maningning na gaya ng kristal, na lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan ng lungsod. Sa magkabilang panig ng ilog ay naroon ang punungkahoy ng buhay, na namumunga ng labindalawang iba't ibang bunga, na namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahon ng punungkahoy ay para sa pagpapagaling ng bansa." (Apocalipsis 22:1-2)

May isang lalaking nagdusa sa napakaraming karamdaman tatlumpu't walong taon na ang nakakalipas. Nagsisikap siyang makahanap ng paraan para gumaling at patuloy na mabuhay. Naging desperado siya kaya sinubukan niya ang lahat ng klaseng paraan para gumaling. Subalit walang nangyari at tuluyan nang lumala ang kondisyon niya. Pagkalipas ng pitong taon, napagod na siya, at nawalan na ng pag-asa. Tinalikuran na siya ng mga mahal niya sa buhay at naghintay na lang siyang mamatay.

Subalit sa kahabag-habag na kalagayan niya, nakilala niya ang Diyos. Nang lumuhod siya sa harapan ng Diyos, gumaling agad ang lahat ng mga karamdaman niya. Ito ang aking patotoo.


Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

### 1. Ang pag-ibig ng Diyos na nagnanais na ipagkaloob sa atin ang Langit

Paano maipapaliwanag sa salita ang emosyong naramdaman ko nang araw na iyon? Umiyak ako habang nagpapasalamat at nagsimulang magsimba kasama ang pamilya ko. Napagtanto ko ang mas kamangha-manghang pagpapala ng Diyos sa simula pa lang ng buhay Cristiano ko. Naunawaan ko na "Ibinigay ng Diyos si Jesus, ang tanging Anak Niya, upang mamatay sa krus para iligtas ako!" Minahal ng Diyos ang isang taong walang halaga. Magmula noon nagkaroon ako ng pag-asa. Gusto kong ipalaganap ang pag-ibig na tinanggap ko sa lahat ng tao sa mundo.

Dahil sa pag-asang ito, binigyan ako ng Diyos ng pagnanais na maging lingkod Niya, at noong 1982, itinatag Niya ang Manmin Central Church. Mayroon lang akong 7,000 won noon (7 dolyar o mahigit-kumulang P300 sa halaga ng piso sa ngayon). Nagsimula kaming manambahan sa isang santuwaryong may tatlong daan at animnapung metro-kuwadrado ang sukat. Labintatlong miyembro kami kasama ang apat na bata. Kahit maliit lang sa simula, kasama namin ang Diyos at palaging may mga kamangha-manghang tanda at kababalaghang nangyayari. Naging mabilis ang paglago ng iglesya. Ngayon, mayroon nang isangdaan at dalawampung libong miyembrong nakarehistro, at mahigit walong daan at apatnapu't limang mga pastor at empleyado sa iglesya.

Ang gawain ng Diyos ay hindi lang nakatuon sa paglago ng iglesya at pagbabagong buhay. Niloob Niya kaming maging isang malaking denominasyon na mayroong mahigit sa siyam na libong sangay. Itinatag Niya ang Prayer Center (sentrong panalanginan), ang kindergarten school (eskuwelahan para sa maliliit na mga bata), ang aming theological seminary (paaralan para sa teologo), at Manmin International Seminary (MIS). Tinulungan Niya kaming palaganapin ang Salita at kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng mga ministeryo sa paglalathala at brodkast. Ang mga libro ko ay kasalukuyang isinasalin sa mahigit na pitumpung wika.

Noong taong 2000, niloob ng Diyos na maipahayag namin ang kapangyarihan Niya sa napakalalaking mga krusada sa ibang bansa. Nagdaos kami ng krusada sa Estados Unidos, Russia, Germany, Japan, Pakistan, Peru, India, Kenya, Uganda, Israel, at marami pang iba. Dumalo ang libu-libo at milyun-milyong tao, at napuno ang entablado ng mga taong napagaling na gustong magbigay ng patotoo.

Ang Diyos ay kasama namin sa loob ng dalawampu't siyam na taon, at ang pagkilos Niya sa iglesyang ito ay aabutin ng napakahabang panahon kung isasalaysay ito. Bakit nagpakita ang Diyos ng napakaraming gawain sa amin? Upang ipakita ang pag-ibig Niya. Gusto Niyang maniwala sa Diyos na Manlilikha ang lahat ng tao sa mundo, makaligtas sa kawalan ng pag-asa at mga sakit, at makarating sa kaharian sa langit. Umaasa akong lubos na pupunuin ang mga puso ninyo ng pag-ibig ng Diyos at ng pag-asa sa Langit.

### 2. Langit ang orihinal na tahanan natin at doon tayo dapat bumalik.

Maraming tao ang nangungulila sa lugar kung saan sila ipinanganak o pinalaki. Subalit ang orihinal na tahanan na dapat nating hangarin ay hindi ang pisikal na lugar na mawawala. Ang Langit ang orihinal na tahanan ng ating espiritu na hinding-hindi maglalaho. Ang buhay dito sa mundo ay kalimitang hindi hihigit sa 90 taon. Kaunti lang ang umaabot sa 100 o higit pa. Kahit na tinatamasa nila ang lahat ng klaseng karangyaan, ang buhay sa mundo ay parang isang panaginip lang. Inihahanda ng Diyos ang tahanan natin kung saan tayo maninirahan pagkatapos ng maiksing buhay dito sa lupa.

Mangyari pa, gusto ng Diyos na tumanggap ng kaligtasan ang bawat isa. Namatay si Jesus sa krus upang tubusin ang sangkatauhan mula sa kasalanan. Kailangan nating magkaroon ng pananampalataya para tanggapin ang pagpapala ng kaligtasan para makapasok sa Langit. Kailangan nating tanggapin si Jesus-Cristo nang may pananampalataya, at pagkatapos ay mamuhay nang karapat-dapat sa isang anak ng Diyos. Ang paglayo sa kasalanan at pamumuhay ayon sa salita ng Diyos ay mga patunay na mayroon tayong pananampalataya. Ito ang mga katangian natin para makapasok sa Langit.

Sinasabi sa Apocalipsis 22:14, "Mapalad ang naghuhugas ng kanilang damit, upang sila'y magkaroon ng karapatan sa punungkahoy ng buhay at makapasok sa lungsod sa pamamagitan ng mga pintuan." Tinutukoy ng mga damit ang puso ng tao. Nangangahulugang makakapasok tayo sa Langit kung lalayo tayo sa kasalanan at maglilinis ng puso natin.

Tulad ng paghahandang ginagawa ng mga magulang sa sanggol na ipapanganak pa lang, ang Diyos ay buong pagmamahal na naghahanda rin para sa atin ng mga tahanan sa Langit. Umaasa ako na palagi ninyong tatandaan kung saan ang orihinal nating tahanan at dapat magkaroon ng mga katangian para makapasok doon.

### 3. Ang Langit ay isang lugar na pinalilibutan ng kaluwalhatian ng Diyos

Ang Diyos ang lumikha ng lahat ng bagay sa sansinukob. Siya ang namumuno sa lahat ng bagay. Ang marangal Niyang awtoridad at kapangyarihan ay hindi maikukumpara o maihahambing sa kahit na anong awtoridad dito sa lupa. Paano natin mailalarawan ang Langit na may kaluwalhatian ng napakadakilang Diyos? Kahit ang pinakamagandang lugar dito sa lupa ay hindi mapapantayan ang ganda ng Langit. Ang buhay ng pinakamayayamang tao dito sa lupa ay magmumukhang hamak kung ikukumpara sa buhay sa langit.

Ang ginto, na napakahalaga sa lupang ito ay ang ginamit sa paggawa ng mga daan at mga pader. Ang bawat pintuan ng lungsod ng Bagong Jerusalem ay gawa sa isang buong malaking perlas. Ang Langit ay nahahati sa Paraiso, ang una, pangalawa, pangatlong kaharian ng Langit, at ang Bagong Jerusalem. Ayon sa 1 Mga Taga-Corinto 15:41, "Mayroong kaluwalhatian ng araw, at iba ang kaluwalhatian ng buwan, at iba ang kaluwalhatian ng mga bituin, sapagkat ang isang bituin ay naiiba sa ibang bituin sa kaluwalhatian." Tulad ng pagkakaiba ng kaluwalhatian ng araw, buwan at bituin sa isa't isa, ang kaluwalhatiang tatamasahin natin ay magkakaiba rin batay sa antas ng ating kabanalan.

Sa mga lugar sa kalangitan, ang mga nagwaksi ng lahat ng kasalanan at kasamaan at ang lubos na nagbalik sa imahe ng Diyos ang makakapasok sa Bagong Jerusalem. Ang mga bahay sa Bagong Jerusalem ay magiging parang mga kastilyo. Maaari kayong magkaroon sa bahay ninyo ng bulwagan, swimming pool, zoo, kagubatan, o kahit isang lawa. Ang buong bahay ay lalagyan ng iba't ibang mamahaling bato na magniningning ng napakaraming kulay. Pagsisilbihan kayo ng hindi mabilang na mga anghel. Tatamasahin ninyo ang awtoridad na katulad ng mga hari. Ang tunay na buhay sa kalangitan ay hindi makakayang isipin kahit gaano pa ito subukang isalarawan. Ang galak at saya ng sandaling iyon ay hindi maglalaho, sa halip ay lalago pa.

Ang pinakamababang tirahan sa Langit ay ang Paraiso. Nakita ni apostol Pablo ang Paraiso, at dahil doon, inialay niya ang buong buhay niya sa Diyos. Dumaan siya sa maraming paghihirap at banta sa buhay habang nagpapahayag ng ebanghelyo, subalit ang kaluwalhatian sa Langit na nakita niya ay nakatulong sa kanya para mapagtagumpayan niya ang lahat ng mga ito. Detalyadong inihahayag ng Diyos ang tungkol sa kaluwalhatian ng buhay doon na tila puwede na nating mahawakan ito.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, itinatanggi ng mga makamundong tao na mayroong Langit at Impiyerno. Subalit hindi ito nangangahulugang mawawala ang mga ito dahil lang hindi sila naniniwala dito. Nasusulat sa Mga Hebreo 9:27, kapag namatay ang tao, magkakaroon ng paghuhukom at ang lahat ay tutungo sa Langit o sa Impiyerno.

Ang Manmin Central Church ay itinatag ng pag-ibig ng Diyos na nagnanais na maligtas ang lahat ng tao. At hanggang sa ngayon, pinapatunayan Niya ito sa pamamagitan ng mga tanda at kababalaghan para maniwala tayong mayroong Langit. Gustong ipakita ng Diyos ang tunay na kahalagahan ng mga ito para makapasok tayo sa Langit. Ang Manmin Central Church ang tutupad sa kalooban ng Diyos.

Hanggang sa kilalanin ng buong mundo ang kaluwalhatian ng PANGINOONG Diyos, habang may tubig sa karagatan, at hanggang ang lahat ng tao at mga bansa ay marinig at maranasan ang buhay na Diyos, hindi hihinto ang Manmin. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na kapag natupad na natin ang lahat ng ministeryo natin sa mundong ito, kasamang maririnig ang mga papuri natin sa mga papuri sa ilog ng tubig ng buhay sa Langit.



### "Pinakamahusay sa Buong Mundo ang Pagtatanghal"


G. Dan Wooding, Tagapagtatag at Punong Patnugot ng Assist News Service

Ipinahayag ng Manmin Central Church si Jesu-Cristo kasabay ang mga tanda at kababalaghan. Napakahusay ng mga pagtatanghal. Nadama ko ang buhay na Diyos. Napakaespesyal para sa akin ng papuri at sayaw kasama ang Nissi Orchestra at Joint Choir. Hindi pa ako nakakakita ng ganito kagarang pagtatanghal sa ibang iglesya.

### "Nabuhay ang Biblia sa Pagtatanghal"


Dr. Mikhail Morgulis, Pangulo ng Spiritual Diplomacy sa Estados Unidos

Parang nananaginip ako, nabuhay ang Biblia sa harapan ko habang nanonood ako ng pagtatanghal. Naramdaman ko na ang Diyos mismo ang gumabay sa pagtatanghal at ang mangyayari sa hinaharap ni Dr. Lee ay naganap sa entablado. Nakakita ako ng mga anghel sa balikat ng mga miyembro ng iglesya. Gumaling din ang balikat ko na anim na buwan nang masakit, pagkatapos kong lumublob sa Muan Sweet Water.

### "Humaplos sa Puso Ko ang Magiliw na Paglilingkod ng mga Miyembro ng Manmin Church"


Rev. Arohn Hrang Kuung,
Rev. Arohn Hrang Kuung, Chin Baptist Church, Australia

Dahil nabasa ko na ang mga libro ni Dr. Lee na *Kabanata I* at *II*, mayroon na akong ideya kung ano ang Bagong Jerusalem. Pero pakiramdam ko ay nandoon na ako dahil sa pagtatanghal na napanood ko. Maayos ang sistema ng organisasyon ng Manmin Central Church at ang lahat ng miyembro ay mukhang mapagkumbaba. Nagpapasalamat ako sa kanila sa mainit nilang pagtanggap at sa kabutihan nila sa amin. Idinadalangin ko na sana ay magdaos si Dr. Lee ng krusadang Cristiano sa Australia.

# "Kamangha-mangha! Ang Manmin Central Church ay Hindi Pangkaraniwang Iglesya!"



Noong Oktubre 10, bumisita rin sa lugar ng Muan Sweet Water ang mga panauhin ng Manmin Central Church na taga-ibang bansa na gustong bumati sa ika-29 Anibersaryo nito. Sa lugar na iyon naganap ang kapangyarihan ng Diyos. Pagkatapos inumin ang tubig ng Muan, naglublob sila sa Muan Sweet Water Pool. Nasiyahan din sila sa panonood ng pagtatanghal ng Crystal Singers at ng Sound of Light Praise Team. Basahin natin kung ano ang mga kumento nila tungkol sa Manmin Central Church.




### "Ang Manmin Central Church ay Mayroong Bukod-Tanging Teknolohiya sa Pagsasahimpapawid"


G. Sergey Velbovets, Pangulo ng In Victory, ang pangunahing Portal Site na Cristiano sa Russia

Kamangha-manghang mapanood ang kaharian ng langit sa pamamagitan ng 3D video. Wala pa akong nakikitang ibang iglesya na nakakagawa ng isang kahanga-hangang video. Bilang isang dalubhasa sa teknolohiya, masaya akong makita ang mataas na kalidad ng teknolohiya ng Manmin Central Church. Napakagaling ng pagtatanghal ng papuri at sayaw! Ito ang pinakamahusay na pagtatanghal na napanood ko.

### "Hindi Pa Ako Nakakakita ng Ganito Kalaking Kapangyarihan"


Prop. Dr. Zipporah Ngumi, Consultant Physician (Kasangguning Doktor) ng Nairobi University (Paaralan ng Medisina)

Ang lahat ng bagay sa Manmin Central Church ay kahanga-hanga at maganda, lalo na ang papuri at sayaw. Dahil sa kanila, nalaman ko na walang kalungkutan kundi puro kaligayahan lang sa kaharian ng langit. Ipinagkaloob ng Diyos ang kapangyarihan Niya kay Dr. Jaerock Lee. Naniniwala akong kinakausap ng Diyos si Dr. Lee at ipinapakita sa kanya ang maraming bagay. Ngayon lang ako nakakita ng ganito kadakilang kapangyarihan ng Diyos.

### "Si Dr. Jaerock Lee ay Lingkod ng Diyos"


Rev. Mario G. Laurente, Lungsod ng Cavite, Pilipinas

Dumalo ako sa Krusadang may Pagpapagaling na ginawa sa Pilipinas noong 2001. Idinalangin noon ni Dr. Jaerock Lee na mawala ang mga bagyo para maidaos ang krusada sa labas. Nakita kong nawala ang bagyo, at maraming tao ang gumaling. Humanga rin ako sa pagkatao ni Dr. Lee. Gusto kong sabihin na siya ay isang lingkod ng Diyos na nagpapakita ng pag-ibig at kapangyarihan Niya.

### "Buhay ang mga Mensahe at Papuri"


Rev. Abraham Vincent, Pangulo ng Arulvakku GCN TV

Makahulugang pagkakataon para sa akin na madama ang kagandahan ng kaharian ng langit. Hindi lang espirituwal na mga mensahe at mga awiting puspos ng Espiritu ang buong pusong ibinibigay ng Manmin Central Church sa Diyos. May mga iglesya na nakatuon lang sa mga mensahe, ang iba naman ay sa papuri lang. Pero sa iglesyang ito, pareho nating makikita ang dalawa. Nabagbag ang damdamin ko nang ipanalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang karamdaman ng bawat isa.